1

"Dito ka na lang muna kung ayaw mong sa loob ng classroom maghintay…"

Iginiya si Kimberly ng kaibigang si Annie patungo sa swing sa harap lang mismo ng kindergarten classroom.

"Take your time, Teacher Annie. I'll be fine here." Umupo siya sa pambatang swing at iniikot ang paningin sa paligid ng pamilyar na lugar na iyon—ang campus ng *Ditumabo Elementary School* na matagal din niyang hindi nasilayan. Nangibang-bansa kasi siya.

"Okay, good luck and happy tripping down memory lane," nakangiting sabi ni Annie bago bumalik sa mga pupils nito.

Napaaga ang sundo niya rito. May importanteng lakad silang tatlong magkakaibigan ngayon sa bayan. Hindi lang iyon basta lakwatsa dahil may kapararakan namang patutunguhan—magso-solicit sila sa mga dating schoolmates at ang pondong malilikom ay para sa malaking proyekto ng kanilang alumni association.

Parang mga kapatid na ang turing ni Kimberly

kina Annie at Aliw. Mula kindergarten hanggang high school ay magkakaklase silang tatlo. Dito sa classroom na kaharap nila unang nabuo ang kanilang pagkakaibigan. Sino'ng mag-aakala na ang timid at shy na si Annie ay magiging isang guro pala? Si Aliw naman na sadyang jolly at kaaliwan ng klase ay isa na ngayong social worker sa *DSWD*.

BSED ang unang kursong kinuha ni Kimberly, mabuti na lamang at maaga niyang na-realize na hindi pagtuturo ang gusto niyang gawin sa buhay. Nag-shift siya sa Culinary Arts at nag-concentrate sa pastry dishes. Bata pa lang siya nang makahiligan ang baking at nakikialam na rin siyang magluto ng tinapay noon pa man sa maliit nilang panaderia.

Napalingon siya sa loob ng classroom nang marinig na kumakanta ng Math Song ang mga bata. Pamilyar sa kanya ang tono pero hindi pa niya matukoy ang pamagat ng kanta.

One and one, two

Two and two, four

Three and three are six for me…

Parang may malungkot na ipinapaalala sa kanya ang himig ng kanta. Naipitik niya ang daliri nang matukoy kung saan iyon naka-tono.

"Oh, My Darling Clementine!" Naalala niya ang pamagat ng kanta.

Four and four, eight

Five and five, ten

Little fingers on my hand…

Muling inulit ng mga bata ang pagkanta at sinabayan niya iyon gamit ang orihinal na lyrics ng nursery rhyme.

Oh, my Darling,

Oh, my Darling,

Oh, my Darling Clementine.

Thou art lost and gone forever

Dreadful sorry Clementine…

Naaalala ni Kimberly ang nakatatandang kapatid sa awiting iyon, si Tina o Maria Clementina which was named after their Lola Clementina. Mahigit walong taon na itong patay pero buhay na buhay pa rin sa gunita niya ang alaala nito. At hindi rin niya maiwasang maalala ang nobyo nitong nagbansag dito ng *Darling Clementine*—si Gerard.

Nanatiling malapit si Gerard sa pamilya nila kahit

nang wala na ang kanyang Ate Tina pero sinadya niya talagang layuan at iwasan na ang binata.

"Kim! Ikaw na ba 'yan? Kailan ka pa dumating?"

Mataman niyang kinilala ang may-ari ng tinig na iyon. Napangiti siya nang makilala ang isang dating kaklase.

"Marites!" Sa pagkakatanda niya ay slim ito pero ngayon ay dumoble na ang katawan. "Last month pa ako dumating mula London pero nitong linggo lang na ito ako nakauwi dito sa atin. May sadya ka rin kay Annie?" Itinuro niya ang bakanteng swing sa kabila.

Sumenyas itong hindi na uupo. "Wala. Susunduin ko lang ang anak ko."

"Wow, ha, may kinder ka na pala!" Parang kahapon lang magkakalaro sila pero ngayon may kanya-kanyang buhay na—may nakapag-asawa ng foreigner, may sa ibang bansa na naninirahan, may naging teacher, pulis, sundalo at mayroon pa nga raw NPA. "Kayo ni Marlon ang nagkatuluyan?"

"Hindi. Si Joelito ang napangasawa ko."

"Suitor ko dati 'yon, di ba?"

Kapwa sila natawa at nag-high five pa sa alaalang iyon.

Mula second hanggang third year high school ay masugid niyang manliligaw si Joelito. Sasagutin na sana niya, sa udyok ng maawaing si Aliw, pero sa hindi malamang kadahilanan ay biglang tumigil ito sa panliligaw at iniwasan na siya.

Hindi na niya pinoproblema noon ang individual garden nila sa subject na Technology and Livelihood Education dahil si Joelito na ang nagbubunot ng damo, nagtatanim at nangangalaga niyon. Parati rin itong may dalang payong para payungan si Kimberly sakaling nakalimutan niyang magdala. Kung nagkataon namang kasama niya sina Aliw at Annie ay ipapaubaya na nito ang payong sa kanila sukdulang ito ang mabasa sa ulan.

“Hindi mo kasi pinatulan, kaya tuloy sa akin nabaling ang pag-ibig.” Kahit katanghaliang-tapat ay malilim naman sa kinaroroonan nila ni Marites dahil sadyang mapuno ang paligid ng campus. Para lang silang old friends na nagkita sa park at pagkatapos ay nagbalitaan. “Bakit nga ba ayaw ng Ate Tina mo kay Joelito? Mabait naman siya at kahit paano may hitsura.”

Dagling nabantuan ng kalungkutan ang masaya sana nilang pagbabalik-tanaw nang mabanggit nito ang overprotective niyang ate.

"Hindi naman sa ayaw." Napasulyap si Kimberly sa Doña Aurora shrub na nasa gawing pinto ng classroom. Katatanim pa lang niyon noong kinder sila at sa lugar na iyon siya madalas hintayin ni Tina. "Masyado pa daw akong bata noon para makipagnobyo."

"Si Ate Tina talaga… sumalangit nawa ang kanyang kaluluwa." Napansin nito ang lungkot na lumukob sa mga mata ng kausap kaya ito na mismo ang nag-iba ng paksa. "Maiba ako, Kim. Alam mo bang close na ngayon sina Joelito at Gerard?"

Nagtaka siya kung bakit nabanggit ni Marites si Gerard. Hindi naman nila ito naging kaklase o naging schoolmate man lang. Nakatitiyak din siyang walang ibang nakakaalam ng naging lihim nila ni Gerard.

Masyado kang praning, Kimberly. Maraming taon na ang lumipas, naka-move on na ang lahat, ikaw na lang ang napag-iwanan…

"Dati ba silang magkaaway?" curious na tanong niya.

"Ang bilis mo namang makalimot. Hindi ba't pinagbantaan ni Gerard noon ang manliligaw mo na bubugbugin kapag hindi tumigil ng panliligaw sa 'yo?"

Hindi niya alam ang tungkol doon. Na-puzzle tuloy siya kung bakit gagawin ni Gerard ang ganoon karahas na bagay. Siguro ay inutusan ng Ate Tina niya.

Halos pitong taon ang agwat ng edad nilang mag-ate. Kaklase nito si Gerard sa isang private school. Kapag dumadalaw noon sa kanya ang suitor at naaabutan nina Tina at Gerard, pag-alis ay pagtutulungan siyang i-discourage ng dalawa.

"Umayos-ayos ka nga, Kimberly. Fifteen ka pa lang, paligaw ka na nang paligaw!" maawtoridad na sita ni Tina sa kanya. Nahuli nito ang mga love letters ni Joelito na nakaipit sa kanyang notebook.

"Eh, bakit ikaw, ilang taon ka noong niligawan ni Gerard?" depensa niya sa sarili. Ewan ba ni Kimberly kung bakit hindi niya matawag-tawag na 'Kuya' ang nobyo ng kapatid.

Sa pagkakatanda niya ay grade two siya noong mapadalas na ang punta ni Gerard sa bahay nila. High school pa lang ang Ate Tina niya noon.

"Excuse me…" Mula sa kusina ay bigla na lang sumulpot si Gerard. Masyado itong at home sa bahay nila. Parang doon na nga yata gustong tumira. "Hindi ako marunong manligaw. Ako yata ang niligawan,"

biro nito at umupo sa tabi niya sa halip na sa tabi ni Tina. "May I see those?" Kinuha nito ang mga scented papers na hawak ni Kimberly.

Hindi na niya iyon nagawang bawiin. Nahihiya na siya ngayon sa binata samantalang dati naman ay hindi. Madalas pa nga siyang umukyabit sa likod nito noon lalo na kung nagsu-swimming sila sa dagat. Nakakaramdam na rin siya ngayon ng kakaibang kaba sa tuwing mapapadikit dito o kaya'y magkakatitigan sila. Ang hinala niya ay nagkaka-crush na siya sa future brother-in-law.

Nag-init ang mga pisngi niya at iniwasan itong tingnan nang hawakan nito ang kanyang baba at tila bata siyang kinausap.

"Kim, tama ang ate mo. Wait till you're eighteen bago ka mag-boyfriend." Tinabig niya ang kamay nito at nakasimangot na umisod palayo. "Okay, sige, hayaan mong ligawan ka niya pero dapat dito sa bahay," bawi nito nang maramdaman ang tampo ng dalagita.

"Gerard, kahit dito sa bahay hindi pa p'wedeng ligawan si Kim. She's still too young for that," protesta ng ate niya.

"Clementine, Darling, mas mabuting sa bahay

ligawan si Kim kaysa naman sa kalye. Do you think mapapasusunod mo siya sa rule na bawal pang magpaligaw?" Para siyang specimen na sinuri ng binata. "I doubt it. Isa pa, sa gan'un, makikilala rin natin nang husto ang mga pumoporma sa kanya."

"Nagninong pa nga si Gerard sa panganay namin. Teka, ikaw, may asawa ka na ba?"

Isang malalim na buntong-hininga ang sagot niya sa tanong na iyon. Paano naman siya mag-aasawa kung ang lalaking lihim na iniibig ay nakatali na sa iba—worse, wala nang buhay ang kakompetensya niya. Mukhang hindi ito sa libingan humimlay kundi sa puso mismo ni Gerard.

"'Tsaka na 'yan. Focus muna sa career. Alam mo naman, ang hirap ng buhay. Pamahal pa nang pamahal ang mga bilihin."

"Naku naman, Kim, kung hihintayin mo ang pagbaba ng presyo ng basic commodities bago ka mag-asawa, malabo nang mangyari 'yon."

Malabo nang mapangasawa ko siya pero hindi naman ako magpapakatandang dalaga.

Katunayan, nobyo niya ang senior chef ng *Sweet Delights*, ang pastry shop na pinagtatrabahuhan niya sa ibang bansa.

"Huwag kang mag-alala, Marites, makakahabol pang flower girl sa kasal ko ang panganay mo. Magpapatayo muna ako ng sarili kong bahay, mahirap yatang makisuno sa biyenan."

"Ay, korek ka diyan…" Napunta na sa biyenan nito at sa kung saan-saan ang kuwentuhan nilang dalawa.

Nabanggit rin nitong sa *Clementine's Bakeshop*—ang bakeshop na pag-aari ni Gerard—nagtatrabaho si Joelito. May mga branches na ito sa walong bayan ng Aurora at sa Cabanatuan City. Malaon nang wala ang ate ni Kimberly pero ang pangalan nito ay patuloy na namamayagpag dahil kay Gerard.

"Ma, bakit kailangang ibenta ang Reyes Bakery*? Sayang naman." Binata pa ang namayapa niyang ama nang maipundar ang negosyong iyon na naging malaking tulong sa pangangailangan ng pamilya nila.*

"Sayang kung sayang pero hindi ko na kakayanin pang i-manage, Bunso." Na-mild stroke ang kanyang ina noon dahil sa matinding pamimighati sa pagkawala ng kanyang Ate Tina. "Kung gusto mo, iwan mo ang trabaho mo at ikaw ang mag-manage ng bakery."

No way. Nasa London na siya, puwede ba. Ipagpapalit ba niya ang London sa maliit nilang

barangay o ang multi-million pastry company na Sweet Delights *na pinapasukan niya sa* Reyes Bakery?

Her practical mind said no. Pero kung ang puso niya ang tatanungin, it was a yes.

"Alam n'yo naman pong wala akong hilig magnegosyo, di ba?" malungkot niyang pahayag sa ina at mahihimig na sa pananalita niya ang pagpayag sa gusto nitong mangyari.

"'Yun na nga ang punto ko, Anak. Kaya kesa naman kalawangin ang mga makinarya, ibenta na lang para pakinabangan. Hindi na rin naman iba sa atin ang bibili ng Reyes. Kapag nagsara na ang bakery, ia-absorb din niya ang mga tauhan natin. Kaya hindi rin sila mawawalan ng trabaho."

Mataman siyang nakinig sa pagkukuwento ng ina. Linggo-linggo itong nag-o-overseas call sa kanya. Mabuti na lamang at sa bahay nila tumira ang mag-iina ng kanyang kuya na nasa ibang bansa rin kaya hindi na siya masyadong nag-aalala na walang makakasama ang ina.

"Bibilhin ni Gerard ang Reyes Bakery *pero parang sa atin pa rin, hindi nga lang literal. Sabi niya,* Clementine's Bakeshop *ang bagong ipapangalan niya tutal naman daw ay konsepto ni Tina ang itatayo*

niyang negosyo."

'Yes, of course, his darling Clementine…' *Hindi niya alam kung ikatutuwa o ikaiinis ang attitude na iyon ng binata. Nananahimik na ang ate niya pero pilit pa rin nitong binubuhay ang lahat ng may koneksyon dito.*

Kung ang ibang lalaki ay wala sa bokabularyo ang salitang fidelity at faithfulness, si Gerard naman ang extremist ng kabaliktaran niyon. To the point na ginawa pa siya nitong panakip-butas—Tina's stand-in!

She hated him for that. Naiinis din ang dalaga sa sarili dahil muntik na siyang mapapaniwala na gusto 'rin' naman daw siya nito.

Nang pasinayaan ang unang branch ng *Clementine's Bakeshop* sa mismong bayan ng Baler, personal siyang inimbita ni Gerard. Nag-overseas call pa ito para ipaalam na ni-resched ang opening sa petsang makakauwi siya para tiyak na makakadalo siya—*on behalf of Tin*—dagdag pa ni Gerard.

Kaya naman sa halip na mapilitang dumalo si Kimberly dahil saktong bakasyon niya iyon, nagpa-extend na lang siya ng kontrata.

"Ano nga pala'ng trabaho ng asawa mo sa *Clementine's?*" naisip niyang itanong kay Marites.

"Master Baker sa San Luis branch. Pero sa mga cakes at cookies, may sarili silang pastry chef. Parang ikaw. Di ba 'yon din ang trabaho mo?"

Tinanguan niya ito.

Mayamaya pa ay nagsidatingan na ang mga mommies na manunundo ng kani-kanyang tsikiting. Some of the mothers were also her former classmates. Dati-rati sila ang sinusundo, ngayon sila na ang nanunundo.

Hindi niya maiwasang managhili sa nakikitang kakaibang kislap ng kaligayahan sa mata ng mga ito.

If he got me pregnant years ago, malamang isa na rin sa mga pupils ni Teacher Annie ang anak namin. Kung…

2

Mahigit dalawang linggo nang subsob sa trabaho si Gerard dahil nag-impose siya ng sariling deadline sa mga gampanin na dapat niyang matapos at sa mga meetings na dapat madaluhan. Balak kasi niyang magbakasyon mula sa trabaho pansamantala.

"Para kanino ang mga tickets na ito?" tanong ng binata, puzzled na napatingin sa babaeng naglapag niyon sa mesa niya: si Sandy.

Ilang araw rin itong hindi nagpakita sa kanya mula nang huli nilang matinding pag-aaway. Nagselos ito nang makitang may kasama siyang ibang babae sa restaurant. It was a luncheon meeting though, tungkol sa business, pero minasama ni Sandy. Worse, napahiya siya dahil gumawa ito ng eksena. Nakipagkalas siya rito noong araw rin na iyon subalit kagaya ng dati, hindi pumayag ang babae.

"Kanino pa? We're flying to Caticlan, Sweetheart, and we're spending a week in Boracay. My reconciliation treat," nagmamalaking tugon nito. Tila wala na sa isip ni Sandy ang ginawang kasalanan. Ipinatong ng babae ang signature bag sa mesa at lumigid patungo sa kanya. She kissed him pero hindi niya tinugon.

"Ang sabi mo, you wanted to take a break from city life. Hayan, ako na ang nag-decide for you kung s'an magandang pumunta."

Sinabi nga niyang gusto niyang magbakasyon sandali, pero ang talagang motibo ni Gerard ay ang umuwi sa Aurora Province. Hindi tubong-Aurora ang pamilya niya, pero dahil nanirahan sila roon ay napamahal na sa kanila ang lugar. Nasa high school na siya nang pasukin ng *Leopardo Bus Line*, ang kompanya ng mga magulang, ang rutang Cubao-Aurora. Pansamantalang namalagi sa Aurora Province ang parents niya nang kumukuha pa lamang ng prangkisa at business permit. Sa kalaunan, nagustuhan ng mga ito ang klima at simpleng pamumuhay ng mga Baleriano kaya tuluyang lumipat doon ang buong pamilya.

"Pahinga ang gusto ko, hindi lakwatsa. Sana kinonsulta mo muna ako bago ka nagpasya," malumanay subalit mariin niyang pahayag. Nakaka-suffocate na talaga ang pakikialam ni Sandy.

"Don't tell me uuwi ka na naman sa bundok? My goodness, Gerard! Ano ba ang meron sa kabundukang iyon at hindi mo maiwan-iwan?" yamot na asik nito.

Ang bilis uminit ng ulo…

"Kung may dagat sa Boracay, may dagat din sa Baler," sarkastiko niyang tugon. "Kung biyahe naman ang problema dahil ayaw mo ng mabangin at paliko-likong daan, you can travel by air. *Genesis* will take care of you." Bagong serbisyo iyon ng binanggit niyang transport company.

"It's not that!" angil ng babae. "You know I hate it there. Napaka-boring ng buhay. Ni wala man lang kahit isang mall na puwedeng mapasyalan. Meron ngang mga beach resorts pero, ah, basta… Kung ipipilit mong magbakasyon sa bundok, go by yourself dahil hindi ako sasama," pinal na pahayag nito.

Very good. Ang totoo ay hindi niya aanyayahan ang babae. May misyon si Gerard sa pag-uwing iyon. At tungkol naman sa pagiging magkasintahan nila, wala siyang matandaang niligawan niya si Sandy. Nagising na lang siya minsan na katabi na ito sa kama.

Noong una, okay si Sandy. Mabait naman kapag hindi nasasalungat ang gusto. Umpisa pa lang ng relasyon nila ay tinapat na niya itong wala sa vocabulary niya ang salitang kasal. At magiging unfair at one-sided kung ipagpapatuloy pa nila ang relasyon.

Umiyak at nagmakaawa si Sandy na ipagpatuloy

nila ang nasimulan. Nangako ito na hindi magde-demand ng kasal and when the time came that he found a new girl, she would let him go.

"Okay." He squared his shoulders at muling hinarap ang computer monitor.

Kasalukuyang pinag-aaralan ng binata ang revenue table ng *Leopardo Bus Line* sa nakalipas na dalawang quarter bago dumating ang babae. So far, so good.

He really deserved a vacation.

"Okay? Nice attitude, Gerard Figueroa. Okay lang sa 'yo na hindi ako kasama dahil sawa ka na sa akin?" nakaingos na tanong ng kausap.

"Here we go again, Sandy. I thought malinaw sa 'yo ang kasunduan?" Malapit na siyang mapikon dito.

"Kasunduan na kapag sawa ka na sa akin basta mo na lang akong iiwan? How dare you!"

"Lower your voice. Nakakahiya sa mga empleyado ko." Bakit ba napapayag siya nitong ipagpatuloy ang relasyon nila? Sakit tuloy ng ulo ang dulot nito. "Ours is a commitment-free relationship. Kung hindi ka na masaya, the decision is yours," malamig niyang tugon.

"Bakit hindi mo pa ako derechahin? I know I agreed na hindi mo ako pakakasalan. But that was two years ago! Hanggang ngayon ba naman hindi ko pa napapatunayan sa 'yo na mahal kita?"

Women! Napatapat pa siya kay Sandy na napaka- assuming. At dahil siguro wala siyang ibang niligawang babae all the time they were together kaya hindi ito lumayo sa kanya, at nabuo pa lalo ang kumpiyansa sa sarili na seseryosohin niya rin ito sa huli.

"Sa 'yo nanggaling ang idea ng set-up natin, baka nakakalimutan mo na!"

"Hindi ako nagde-demand ng kasal, damn you! All I'm asking is a little consideration." Nagsisimula na itong umiyak.

At siguradong mayamaya lang, histerikal na ito. Then she would be violent kapag matindi na talaga ang galit. That was Sandy's pattern; every time na tatangkaing makipaghiwalay ni Gerard.

Quickly he made a decision na dapat sana ay noon pa niya ginawa. Hindi na kailangang patagalin ang nonsense relationship na iyon, dapat nang putulin bago pa man siya tuluyang matali at hindi na makawala.

Hindi niya kailangang magpaka-gentleman ngayon. He must act like a rational man.

“Ikaw ang unang nagiging inconsiderate sa sarili mo, Sandy. From the very beginning, alam mong walang patutunguhan ang relasyong ito.” He might sound cruel and selfish pero kailangan niyang gawin iyon kaysa pareho silang maging miserable sa bandang huli. “Whether you like it or not, we will end this now.”

“No! Hindi ako papayag!”

“Bahala ka. Basta ako, I’m fed up at tinatapos ko na ang kalokohang ito.”

Histerikal na dinampot ni Sandy ang glass paper weight at marahas na ibinagsak iyon sa sahig. Nasanay na ang binata sa temper nito. Minsan nga nanampal pa ito ng waiter nang hindi sinasadyang matapunan ng kaunting tubig. Wala rin ditong nakakatagal na housemaid.

“Magpapakamatay ako kapag iniwan mo ako, Gerard!”

“Go ahead,” aniya sabay tayo at walang paalam na tinalikuran ang nagtutungayaw na babae.

———

"Ay, bakit kaya gan'un ang ugali n'ung nobya mo, Sir?" Mula sa pagmamasid sa aquarium ay nilingon ni Gerard ang utility personnel ng kanilang opisina. "Nagkalat na nga, nagbasag pa." Ipinakita nito sa kanya ang garbage bag na naglalaman ng niligpit nitong bubog.

"Pasensya na, Manang Tasing. Hayaan mo, last na 'yan." Ilang beses na ring nangyari ang ganito. Mabuti at hindi nadamay ang bago niyang monitor. "Nandoon pa ba?"

"Kakaalis laang. Malayung-malayo ang ugali ng isang iyon kay Tina, ano?"

Oo naman. Puwede ngang maging diplomat si Tina. She had always been calm at hindi pa niya nakitang naghisterya ang dalaga kahit minsan. Pasensyosa ito at masyadong matiisin. She was a martyr or perhaps a masochist.

At walang kuwenta ang tingin ni Gerard sa sarili dahil hindi man lang niya ito natulungan sa dilemma nito sa buhay.

Hanggang ngayon kapag naaalala niya ang kanyang 'Darling Clementine', labis pa rin siyang nalulungkot at nanghihinayang sa pagkawala nito.

"Tama ka, Manang Tasing. Kahit kanino ay hindi

maaaring ikumpara si Tina. Nag-iisa lang 'yon."

Naghulog siya ng fish food sa aquarium at nasiyahan sa nakitang kasiglahan ng mga isda nang pag-agawan ng mga ito ang nakalutang na mga butil.

Pag-uwi ni Gerard ay dadalawin niya si Tina sa libingan nito at may sasabihin siyang importante.

Mabuti ka pa masaya ka na sa kinaroroonan mo ngayon. Samantalang ako, I'm still hoping to possess the woman I love. Do you think kailangan ko nang mag-move on? Salamat nga pala sa pagbabantay mo sa Clementine's. *Siguro mas magiging successful iyon kung ikaw ang personal na nagma-manage.*

Kung buhay si Tina, malamang silang dalawa ang magka-partner sa *Clementine's* katulad ng una nilang napagkasunduan.

Nang magretiro ang papa niya sa *Leopardo*, ang kanyang Kuya Jerome ang humalili rito. Subalit napilitan siyang mag-take over sa family business nang mamatay ang kapatid. Then, Chesca, his younger sister, managed *Clementine's*.

———————

"Girls, hindi pa ba kayo nagugutom?" untag ni Kim sa dalawang kaibigan.

Pasado ala una na sa kanyang wrist watch. Marami-raming residential houses at business establishments na rin ang kanilang napuntahan para bigyan ng solicitation letter. Halos naikot na nila ang buong poblacion ng Baler sa pamamagitan lamang ng paglalakad. Mauubos na ang reserved energy ng katawan niya kaya kailangan na niyang magpahinga kahit saglit, at siyempre, kumain.

"Nagugutom… at napapagod na rin," sagot ni Annie at pagkatapos ay binalingan si Aliw na promotor ng *noble deed* na kanilang isinasagawa. "Kung alam ko lang na paglalakarin mo kami ni Kim nang katanghaliang tapat, umarkila na lang sana ako ng tricycle kanina."

"Sus, ngayon pa kayo magrereklamo, eh, dalawang sobre na lang itong natitira." Binasa nito ang receiver ng isang solicitation letter at kung saang lugar nila dadalhin.

Huminto sila sa tapat ng isang private clinic. Hindi pamilyar sa kanya ang pangalan ng doktor na nagmamay-ari niyon.

"Naging schoolmate ba natin 'yan?" Ang alam niya ay school alumni members lang ang pupuntahan nila.

"Schoolmate, hindi. Manapa'y potential soulmate…" pilyang tugon ni Aliw.

Naunawaan agad niya ang ibig sabihin ng sideway glance nito kay Annie.

"Talaga?" kunwa'y walang interes na sabi ni Kimberly pero ang mga mata ay nakapaghatid na ng mensahe kay Aliw na excited siyang makilala ang doktor na potential soulmate ni Annie. Hindi kasi sila boto sa aktibistang boyfriend nito.

Habang naghihintay sa waiting area ng clinic ay niyaya siya ni Aliw sa restroom at iniwan nila kay Annie ang sobre.

Ito ang na-miss niya sa friendship nilang tatlo—two would conspire against one but at the end of the day their alliance was still intact.

Minsan ay si Aliw ang pinagkakaisahan nila ni Annie, ipinapares nila ito kung kani-kanino dahil sobrang pihikan sa lalaki. Minsan na nga lang nagka-boyfriend ang kikay na social worker, napikot pa ng iba.

Kim could tell her Ate Tina everything, well, almost. Hindi siya makapagkuwento rito tungkol sa opposite sex. Sobrang istrikta kasi ito kaya sa dalawang kaibigan lang siya nakakapag-confide ng

tungkol sa crushes niya noon.

Natatandaan pa nga niyang may naging common crush silang tatlo noon—si Gerard Figueroa. Mga dalagita pa lamang sila, while the man was already in college. Para sa kanila, nasa lalaki na ang lahat ng katangiang hanap nila sa isang crush—matangkad, guwapo, matalino at laging may pasalubong sa kanila tuwing dadalaw sa kanyang Ate Tina.

Later, na-outgrow rin ng dalawa ang crush na iyon pero siya ay nanatiling infatuated sa lalaki. Sa kabila ng murang edad ay alam niyang mali iyon dahil kasintahan ng ate niya si Gerard. Sinupil niya ang sariling damdamin at ibinaling sa iba ang atensyon.

“Hay, salamat, isang sobre na lang,” nasisiyahan niyang pahayag pagkalabas nila sa clinic. “Gutom na talaga ako. Saan ba natin dadalhin ’yan?”

“D’yan lang sa tabi ng munisipyo. Keep on walking, girls.”

Kinabahan si Kimberly sa napunang palitan ng tingin ng dalawa. Mukhang siya ang pagkakaisahan ng mga ito ngayon.

Iniabot sa kanya ni Annie ang kahuli-hulihang sobre. “Your turn, Chef Kim.”

Nakumpirma niya ang hinala nang matanaw ang signage ng *Clementine's Bakeshop* sa di-kalayuan. "Puwede bang kumain muna tayo?" Iyon na lang ang naisip niyang alibi para maiwasan ang task. Ayaw niyang makaharap si Gerard dahil may malalim siyang dahilan.

Ayos lang din kung siya na ang mag-abono sa amount na maaaring i-donate nito, kung puwede nga lang.

"Doon na rin tayo kakain sabay abot ng sobre. Treat ko. May twenty percent discount ako sa *Clementine's*," sabi ng kaibigang social worker.

"Ano ka, senior citizen?"

Patay! Oo nga pala, Clementine's *is not just an ordinary bakeshop outlet. May dine in services d'un. Wala na akong kawala. Hindi bale, limitado lang naman hanggang sa crush matter ang alam ng dalawang 'to.*

Magpapanggap na lang siyang unaffected.

"'Oy, may privilege discount din ako. Di ba sabi ng owner basta may crush sa kanya, merong discount. Ano, Kim, may crush ka pa ba kay Gerard?" tukso ni Annie sa kanya.

Kapag sinabi niyang wala na, siguradong ipe-pressure siya ng dalawa hanggang mapilitan siyang umoo. Mas mabuting sumang-ayon na lang si Kimberly sa trip ng mga ito para hindi na siya kulitin. Tahimik at seryosong tao si Annie pero kapag umiral ang kakulitan nito, grabe. Mukha pa namang gagantihan siya nito dahil nakipag-conspire siya kanina kay Aliw.

Alam ng mga ito na sobra ang pagkahumaling niya noon kay Gerard at siguradong uungkatin na naman ng dalawa iyon ngayon.

She needed to redeem herself, kailangang umakto siyang bahagi na lang ng teenage life ang bagay na iyon or else mapapahiya siya kapag binuska siya ng dalawa sa harap mismo ng lalaki.

"Of course, sayang ang discount…" She managed to say the words casually na parang gayon nga lang kasimple ang lahat. "Kaya bilisan nating maglakad dahil sobrang gutom na ako."

"Wala naman ngayon si Crush, hindi ka makakapag-member. Balita ko busy sa *Leopardo*," sabi ni Annie.

Sa narinig ay malaking bahagi ng puso ni Kimberly ang nagdiwang. Hindi pa siya handa at hindi siya bukas sa anumang posibilidad na magkakaharap

silang muli… not yet.

Kailangan munang maging 'adult woman' siya—na pasado sa standard ni Gerard.

Gayunman, may bahagi rin ng puso niya ang nalungkot, iyon ang bahaging lihim na nananabik at umaasam na masilayang muli ang lalaking *dati* niyang minahal.

That was her belief at the moment.

"Di bale, treat mo naman, Annie, di ba? Tara, excited na akong matikman ang specialty ng *Clementine's,*" malakas ang loob na hamon niya.

Maganda ang lokasyon ng *Clementine's Pantry,* bakeshop outlet slash restaurant. Accessible sa customers dahil malapit sa municipal hall, school, church at one ride away lang mula sa mga beach resorts sa Baler.

Pagtapak pa lang nila sa parking area ay hindi na siya nakisukob sa payong. Nagpatiuna na siyang maglakad na tila batang excited makita ang loob ng restaurant.

Buong paghangang iniikot ni Kimberly ang paningin sa refreshment area. Simple ang ayos niyon, pang-masa, sabi nga. Coordinated ang disenyo at

kulay ng mga tables and chairs sa iba pang muwebles. Tila nakikipagsabayan ito sa mga sikat na fast food chain dahil air-conditioned at may free *WiFi* din sa lugar.

"Wow," ang tangi niyang nasambit.

It was her Ate Tina's dream business. Laging sinasabi ni Gerard na hindi magkakaroon ng katuparan ang *Clementine's* kung di dahil sa business concept ni Tina.

3

"Mabuti naman naalala mo pang bisitahin ang bakeshop *mo*. Akala ko tuluyan nang nabura sa vocabulary mo ang salitang pastry at puro bus na lang ang umookupa diyan," pabirong sita ni Chesca sa Kuya Gerard nito. "Kailan ka pa dumating?"

"Kagabi lang, some time after midnight." Pagkagising ay agad niyang pinuntahan sa silid ang kapatid pero maaga pala itong umaalis kaya dito na sa restaurant sila nagkita. He approached his sister—also his trusted manager—and gave her a hug and a kiss. "Nice office," papuri niya sa magandang interior design ng opisina habang iniikot ang paningin doon.

Noong huli niyang pagbisita ay simple lang ang opisyal na tanggapan ng *Clementine's.* Siguro nang mag-expand ng service ay isinabay nang pagyamanin ni Chesca ang office.

"Kuya, sa sobrang busy mo sa *Leopardo,* nakalimutan mo nang may isa ka pang baby na nangangailangan ng atensyon. I hope you liked the changes I made."

"Greatly appreciated, Ches." Katulad niya,

nasa dugo rin marahil ni Chesca ang mahusay na pamamalakad sa negosyo. “Thank you—”

“Thank you?” she interrupted. “’Yun lang ang incentive ko?” Inalis nito ang braso ng binata na nakapatong sa balikat nito at inihanda ang sarili sa negosasyon.

Nakikita niya sa facial expression ng kapatid na hindi maliit na pabor ang hihingin nitong kapalit ng serbisyo. At parang hindi niya matatanggihan dahil literal na ‘pinag-babysit’ niya si Chesca sa *Clementine’s*. Ilang taon lang niyang hinawakan ang bakeshop at pagkatapos ay iniatang na sa balikat ng kapatid ang responsibilidad doon.

“Okay, name it, Kiddo.” Twenty-six years old na si Chesca pero ang nakikita pa rin ay ang kapritsosa niyang little sister.

Iyon ang problema sa kanya. Nakakalimutan ni Gerard na hindi lang siya ang nagkakaedad kundi maging ang mga tao sa kanyang paligid.

Bakit nga ba ganoon ang ugali niya?

Siguro dahil easy-go-lucky ang Kuya Jerome niya. Dalawang taon ang age gap nila ni Jerome pero sa kanya inihahabilin ng parents ang mga kapatid sa tuwing may out-of-town trip ang mga ito. Siya ang

shock absorber ng pamilya. Sa gulang na seventeen, nag-aaral siya habang nagtatrabaho sa kanilang bus company. Maraming pagkakataon ay naging taga-ayos siya ng gusot ng nakatatandang kapatid. At the age of twenty, pakiramdam niya ay pagkadami na niyang pinagdaanan sa buhay.

"Natakasan ko nga saglit ang *Leopardo,* hindi naman ako nakaligtas sa *Clementine's,*" reklamo ni Gerard sa sarili isang oras pagkaalis ni Chesca.

Vacation trip ang hiningi nito sa kanya.

Well, minimal supervision lang naman ang kailangan ng bakeshop, konsola niya sa sarili habang hinahawi ang floor to ceiling na kurtina sa isang panig ng opisina.

Bumaha ang natural na liwanag sa silid at tumambad sa kanyang paningin ang pamilyar na tanawin sa labas. Bagaman matao at marami ring naglipanang sasakyan ay hindi kasing-overpopulated ng Cubao ang Baler.

Gerard suddenly felt like he was home.

"Welcome home, Gerard!" Masayang tinig ni Tina ang sumalubong sa kanyang pagdating.

Semestral break at mayroon siyang dalawang linggo para mamalagi sa probinsya. He felt at home upon hearing Tina's warm welcome. Simpleng-simple ang ayos at pananamit ng babae, pero para sa kanya ay perpekto pa rin ito. Sana lang ay wala ang lalaki sa background.

"Hi, Tina! Mukhang nangangayayat ka yata?" He kissed her cheek.

"Projects, term papers, feasibility studies… sabay-sabay. Halos hindi na nga kayanin ng powers ko."

Kaswal silang nagbatian ng lalaking kasama ni Tina, kapwa iniignora ang tensyon sa paligid. Parehong kurso ang kinukuha nila, lamang ay sa Manila siya nagpatuloy at si Tina ay nanatili sa Baler.

After a while ay napagsolo rin sila. Over bibingka and brewed coffee na inihanda ng mama niya, they discussed their business prospects.

"Akala ko ba resort ang Plan A natin? What made you change your mind?" tanong niya rito habang pinapanood ang paghahalo nito ng kape. Marahan nitong ipupukpok ang kutsarita sa rim ng tasa.

"Wala kasi sa kanilang interesadong i-manage ang Reyes Bakery,*" tukoy nito sa naiwang negosyo ng ama. She sighed na parang kay bigat ng pasanin sa buhay.*

Parang si Tina ang tumayong panganay mula nang maulila ang mga ito sa ama. "Si Kuya Cris, ayaw paawat sa Canada. Si Kian naman nag-enroll na sa PMA *sa Baguio."*

"What abut Kimberly?" Matagal-tagal na rin niyang hindi nakikita ang pampered little sister ni Tina. Malamang ay second year high school na ito ngayon, dalagita na. Katulad ng nakikita ni Gerard sa kanyang imahinasyon. Elementary pa lang si Kim, sinusubukan na niyang i-predict sa isip kung ano ang magiging hitsura nito kapag nagdalaga na at lagi na ay interesado siya at excited sa mga pagbabago rito.

"Naku, isa pa ang batang 'yon," naiiling na saad ni Tina.

Bata? Iyon siguro ang common trait nila ng nobya kaya magkasundo sila. They were overprotective of their siblings, parang sila lang ang may karapatang tumanda at ang kanilang mga kapatid ay mananatiling responsibilidad nila sa kabila ng pagdaan ng panahon.

Pero sa sarili niyang pamantayan ay hindi na bata si Kimberly. Medyo prim na itong kumilos. And to his amazement, little Kim would blush at the slightest provocation from him. Parang mas maaga itong nagdalaga kaysa sa mga loyal comrades nitong sina Anemone at Consolacion.

Dati-rati, walang hiya-hiya ang tatlo na tinatawag siyang 'Crush'. Natatawa naman siya sa paghanga ng tatlong bata. Pero ngayon kapag isinasatinig niya ang pagpuri sa gumagandang dalaginding, pamumulahan si Kim ng mukha at biglang mananahimik. Hindi na ito naglalalapit sa kanya. Hindi na rin niya ito nakikitang nagsusuot ng makukulay na hair clips at accessories. Hindi na rin naglalaro ng pambata ang tatlo. Para kay Gerard, mga senyales na iyon ng adulthood.

"Dalagita na ang kapatid mo, Tina. You have to accept that."

"Oo, pero masyado pa siyang bata para magpaligaw. Ni wala pa nga siyang ideya kung anong kurso ang kukuhanin niya sa college."

Hindi rin gusto ni Gerard ang isiping may nanliligaw na kay Kim. Tama si Tina, masyado pang bata ang kapatid nito para sa bagay na iyon.

"…ultimong pag-aayos ng beddings niya sa umaga hindi pa ma-perfect 'tapos—"

"Hey, calm down, Ate Tina. Daig mo pa si Tita Edna kung pagalitan si Kim. After all may contribution ka rin kung bakit lumaking pampered ang bunso ninyo. Mamaya kapag inihatid kita sa inyo, team effort tayo. We'll reprimand your brat of a sister, okay?"

Pero ilang taon ba siya nang manligaw ng kaklase at magkaroon ng unang girlfriend? Thirteen. Turning fifteen na nga si Kim kung tutuusin. He felt a pang of possessiveness towards the girl.

'Brotherly protectiveness…' *pagwawasto niya sa nararamdamang emosyon.*

Bata pa talaga ito. Hindi pa puwedeng makipagnobyo.

———

Nasiyahan si Gerard nang makita kanina pagdating niya na halos okupado ang lahat ng mesa sa restaurant. Affordable kasi ang presyo nila. Sa kanyang sariling pag-aanalisa ay lower middle class and below ang karaniwang customer ng bakeshop. Isang patunay ay ang tanawing nakikita niya sa parking area.

Tanging ang *Montero* niya, isang kotse, isang owner type jeep at ilang tricycle lamang ang naroon. Baka nga kumasya pa sa parking ang isang ten wheeler truck. Meaning, public transport o paglalakad ang paraan ng pagpunta roon ng mga kliyente—katulad ng tatlong babaeng paparating…

Magkakasukob ang mga ito sa iisang payong. Ang pinakamatangkad sa grupo ang may hawak ng

payong.

A rush of gladness surged through him nang mapansing pamilyar sa kanya ang tatlong dalaga. Sigurado siyang dalaga pa ang mga ito. Lumapit siya nang husto sa glass wall para tiyaking hindi siya namamalikmata lang.

At tama siya. Naroon talaga sina Anemone, Consolacion… at Kimberly.

Sa nakalipas na anim na taon ay sa mga pictures lang niya nakikita si Kim. Para kay Gerard ang nakikita niyang imahe sa mga photograps ay ang seventeen-year old, immature at adventurous na si Kim na nagalit sa kanya. Inaamin niyang nasaktan niya ang damdamin nito. Pero babawi siya kung mabibigyan ng chance.

She had blossomed into a woman… a beautiful woman.

Kung buhay lang si Tina, she would agree that Kimberly was already a grown-up lady.

———————

Tig-isang slice ng sansrival cake at buko pie ang in-order ni Kimberly, at tatlong regular size na iced mocha coffee. Sa gawing sulok sila napapuwesto

dahil okupado pa halos lahat ng mesa.

Tahimik silang nagsikain dahil pare-pareho nang gutom at pagod.

Nang masulyapan ng dalaga ang tinted na pintuan sa gawing kanan ay naalala niya ang pakay ng pagpunta nila roon.

“Okay lang ba kung sa manager ko iabot ang solicitation letter kahit kay *Crush* naka-address?” Halos maumid ang dila niya sa pagbanggit ng katagang crush. Kung sana ay pinanatili na lang niyang paghanga ang nararamdaman kay Gerard, hindi sana naging kumplikado ang relasyon nila.

“Oo nga pala, muntik na nating makaligtaan ’yan.” Si Annie. “Solicitor general, please decide,” tukoy nito kay Aliw.

“Go. No choice, eh. Kung nandiyan lang sana si Crush, galante magbigay ’yun. Pero mamaya na, tapusin na natin ang pagkain.”

Laking pasasalamat talaga ni Kim na wala roon ang lalaki. Kung nagkataon ay hindi niya alam kung paano ito haharapin. Sa nakalipas na mga taon ay hindi pa rin niya maisantabi ang alaalang iyon. Nahahati siya sa pagitan ng pagmamalaki at pagsisi sa kanyang nagawa.

Pagmamalaki dahil naniniwala siyang pinalaya siya niyon sa pagkahumaling niya kay Gerard. And she regretted it because it made her feel like a complete idiot.

No, that was an understatement. She felt like a silly, pathetic, desperate idiot!

Bigla tuloy nagsalimbayan sa utak niya ang mga pangyayaring nakalipas na. Kahit ano'ng gawin niyang concentrate sa pagkain ay nawalan na siya ng gana.

"Huwag sayangin ang pagkain, maraming taong nagugutom," paalala ng social worker. "Bakit parang bigla kang tumamlay?"

"Headache," dahilan ni Kim.

"Take this medicine, effective 'yan." Agad na iniabot ni Annie ang imaginary tablet.

Napangiti siya. Hanggang ngayon kabisado pa rin siya ng dalawa. Ang imaginary tablet na iyon ay para sa kanyang imaginary headache na sumusumpong sa tuwing tatamaring pumasok, may mood swing at kapag trip lang niya.

"Real headache ito. Ang init kasi sa labas," alibi ng dalaga.